Republic of the Philippines

# Department of Education

*Tanggapan ng Kalihim*

*Office of the Secretary*

## M E N S A H E



Tanggapin ninyo ang mainit kong pagbati sa isang mahalagang yugto ng inyong buhay.

Ibinabahagi din natin ang pagbating ito sa mga opisyal ng ating eskwelahan, sa mga guro at magulang na hindi nagkait ng kanilang pagmamalasakit upang mabigyan tayo ng edukasyon na magiging baon natin sa buhay.

Mahalaga ang okasyong ito dahil naganap ito sa gitna ng isinasagawa nating malawakan at malalim na pagbabago sa sistema ng edukasyon sa bansa–ang K to 12–na kumpleto nating ilalatag sa darating na pasukan sa Hunyo.

Umaasa kami na naihanda namin kayo nang buong husay upang maayos ninyong maharap at mapagtagumpayan ang mga hamon ng pagbabagong ito.

Muling ipinapaalala sa atin ng temang "**Kabataang Mula sa K to 12, Tagapagdala ng Kaunlaran sa Bansang Pilipinas**" ang mahalagang papel ng kabataan upang maitatag natin ang isang pamayananang inaasam nating lahat. Ang masayang bukas ay laging may nakalaan na lugar para sa mga nagsisikap na isaayos ang sariling buhay at sa mga handang maglingkod sa kapwa.

Lagi ninyo sanang maalala ang mga tagubilin na kung dumating ang sitwasyon na may pagkakaiba-iba, maging tulay nawa kayo ng pagkakaisa; sa yugto ng buhay ng kagipitan, matuto pa rin tayong maging mapagbigay; at sa panahon na maraming suliranin, laging pairalin ang katwiran at ang pusong bukas upang matawid ang mahirap na daan.

Nasa inyo ang lakas ng katawan at talas ng isipan upang laging itaguyod ang pagmamahal sa bayan. Sa inyong paglabas sa silid-aralan upang harapin ang tunay na buhay, laging tandaan na ang mundo ay puno ng mga magagandang pagkakataon at walang limitasyong posibilidad–hanapin natin ito at angkinin gamit ang edukasyong pinanday sa loob ng paaralan.

Sa aking mga minamahal na mga guro at mga kawani ng mga paaralan, lagi sana nating alalahanin ang ating bokasyon na maging tagapaghubog ng mga mamamayang hindi lang iniisip ang sarili kundi maging ang kanyang kapwa, ang kanyang bayan.

Muli, ang aming pagbati at panalangin na dalhin nawa kayo ng inyong mga puso sa tagumpay!

Patuloy tayong magsama-sama para sa edukasyon.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
***Kalihim***